JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton


OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


# 4



Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Quarter 3 - Modyul 1:
## Kultura ng Ating Lahi, Ating Pahalagahan



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________



# Alamin

Basahin at unawain ang sanaysay.

Mayaman ang Pilipinas sa kultura, kaya naman tayo ang kinagigiliwan ng taga ibang bansa. Nasasalamin sa ating kultura ang magandang gawi, asal, mga tradisyon, sining, at panitikan na nagbibigay sa atin ng pambansang pakakakilanlan. Nagsilbi itong buklod ng pagkakaisa at pagkakaunawaan.

Ang kultura ay tumutukoy sa paraan ng pamumuhay na nakagawian ng tao. Kabilang dito ang sining, wika, musika, at panitikan. Kasama rin ang paninirahan at kaugaliang kanilang pinapakita sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Ipagmalaki natin ang ating kulturang kinagisnan dahil iyan ang tatak ng tunay na pagmamahal sa ating bansang Pilipinas.

Mahilig ka bang umawit o makinig ng mga awit? Sinasabing musika ang wika ng puso. Iba man ang salitang ginagamit, mauunawaan pa rin ng mga tao ang damdaming hatid ng isang himig. May alam ka bang katutubong awitin? Ang sinaunang kultura ng mga Pilipino ay mayaman sa mga awitin. May awit para sa pagsamba, sa pagtatanim o pangangaso, panliligaw, pagpapakasal, maging sa pakikipaglaban at paglisan.

Sa modyul na ito, iyong matutunan ang:

Pagpapakita ng kawilihan sa pakikinig o pagbabasa ng mga pamanang kulturang material. (hal. Kuwentong bayan, alamat, at mga epiko.) **EsP4 IIIa-b-19**

# Subukin

## Sa Ugoy ng Duyan



Sana'y di magmaliw ang dati kong araw
Nang munti pang bata sa piling ni nanay
Nais kong maulit ang awit ni inang mahal
Awit ng pag-ibig habang ako'y nasa duyan.

Sa aking pagtulog na labis ang himbing
Ang bantay ko'y tala, ang tanod ko'y bituin
Sa piling ni nanay langit ang buhay,
Puso kong may dusa, Sabik sa ugoy ng duyan
(ulitin ang una at ikalawa)
Coda:
Nais kong matulog
Sa dating duyan koi nay
0, inay…

A. Suriin ang mga pahayag sa ibaba. Isulat ang salitang "TAMA" kung ang pahayag ay ayon sa isinasaad ng awit, at "MALI" kung kasalungat ng isinasaad nito, at "WALA" kung hindi matatagpuan sa kanta ang isinasaad ng pahayag.

______a. Ayaw ng umaawit na malimutan ang alaala niya nang siya ay munti pang bata sa piling ng kaniyang ina.

______b. Pinatutulog din siya ng kaniyang ama.

______c. Ayaw na niyang matulog muli sa dati niyang duyan.

______d. Inaawitan siya ng kaniyang ina habang pinatutulog sa duyan noong siya ay bata pa.

______e. Hindi siya karaniwang makatulog sa ugoy ng duyan.

______f. Ang kaniyang ina ay mapagmahal at mapagkalinga.

______g. May iba pa siyang mga kapatid na inaalagaan ng nanay niya.

______h. Ngayon ay malaki na ang umaawit; hindi na siya bata.

______i. Nangungulila sa kaniyang nanay ang umaawit.

______j. Buwan ang nagbabantay sa kaniya habang natutulog sa duyan.

B. Hanapin sa Hanay B ang kaukulang mensahe ng mga linya sa Hanay A. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

| A | B |
|---|---|
| _____1. Bisig ko'y namamanhid, baywang ko'y nangangawit. | a. Maging matalino sa paggasta. |
| _____2. Kung pagkain sana nabusog pa ako. | b. Ang taong nagmamahal sa kaniyang bansa ay ihahandog anumang makakaya makita lang itong malaya. |
| _____3. Ang pag-ibig ay sa gawa, hindi sa salita. | c. May tagumpay sa pagkakaisa. |
| _____4. Kaya matibay ang walis, palibhasa'y nabibigkis. | d. Hindi madali ang magtanim. |
| _____5. Walang mahalagang hindi inihandog na may pusong mahal sa bayang nagkupkop. | e. Higit na mahalaga ang ikinikilos kaysa sinasabi. |
| | f. Susi sa tagumpay ang matibay na pananalig sa Diyos. |

**Modyul 1**

# KULTURA NG ATING LAHI, ATING PAHALAGAHAN



## Balikan

Panuto: Sagutin ang mga tanong sa ibaba. Piliin ang mga sagot mula sa mga salitang nasa loob ng kahon.

| | |
|---|---|
| Pista | Pamamanhikan |
| Paghaharana | Simbang gabi |
| Pagmamano | |

1. Isang pamamaraan ng mga Pilipino na nagpapakita ng paggalang sa mga nakakatanda. _______________
2. Isa sa mga malaking pagdiriwang na ginugunita bawat taon sa iba't-ibang dako ng Pilipinas. _______________
3. Isinasagawa sa gabi mula sa labas ng tahanan ng taong pinararangalan o nililigawan. _________________
4. Tradisyon na isinasagawa kapag ang babae at lalaki ay nagkasundong magpakasal. ______________
5. Karaniwang ginagawa 9(siyam) na gabi bago sumapit ang pasko. __________________

# Tuklasin

Basahin at unawain ang sanaysay.

Likas sa mga tao ang ipahayag ang kanilang mga obserbasyon, saloobin, pananaw, at karanasan sa pamamagitan ng panitikan, ang sining na pasulat. Ang mga kuwento, tula, sanaysay, mga tulang nilalapatan ng himig at maging awit, at mga salawikaing nalikha bago paman dumating ang mga Espanyol ay nagpapatunay na an gating mga ninuno ay may mayamang panitikan. Ang mga alamat ay ang nagpapaliwanang sa atin ng maaaring pinagmulan ng mga lugar, hayop, halaman, o bagay.

Samantala, ang mga pabula na gumagamit ng mga hayop bilang mga tauhan ay naglalahad ng mahahalagang aral at katotohanang nagsisilbing gabay sa ating pamumuhay.

Ang mga awiting Pilipino ay naglalarawan ng mga saloobin ng mga Pilipino sa buhay. Ang bugtong na lubhang mapanghamon sa ating isip dahil sa matalinghaga nitong anyo ay isang pagpapatunay na ang ating mga ninuno ay may malalim nap ag – iisip at malikhaing imahinasyon. Ang ating mga salawikain ay nagpapakita ng marubdob na pagnanais ng ating mga ninuno na mamuhay ng matuwid, mapayapa, at may kaayusan.

Bilang mga Pilipino, makatutulong sa pag – unawa sa ating pinagmulan ang ating sining at panitikan. Sa bawat kuwentong naisusulat, tulang nabibigkas, at awiting pumapailanlang, higit na tumitingkad ang ating kultura at higit na nauunawaan natin ang mga kaganapan sa ating lipunan. Ang mga likhang – sining tulad ng mga iginuhit na larawan, mga gawang lilok, at mga dekorasyon ay sumasalamin din sa ating mga pinagdaanan, kinakaharap, at mga pangarap.



Hiligaynon Version:

Dandansoy, bayaan ta icao
Pauli aco sa Payao
Ugaling con icao hidlauon
Ang Payaw imo lang lantauon.

Dandansoy, con imo apason
Bisan tubig di magbalon
Ugaling con icao uhauon
Sa dalan magbobonbobon.

Tagalog Version:

Dandansoy, iiwan ko ikaw
Babalik ako sa Payaw
Kung ibig mo akong matanaw
Ay doon mo ako parunan.

Kung sakaling ikaw'y maglakbay
At dalawin moa ng Panay
Kung sakaling ikaw'y mauhaw
Hukayin ang tubig sa daan.



# Suriin

Sagutin ang mga sumusunod na katanungan base sa awiting, "Dandansoy".

1. Ano sa palagay mo ang damdaming inilalarawan sa awit? Bakit?

   ______________________________________________

2. Ano kaya ang ibig sabihin ng "Dandansoy"? Pangalan kaya ito ng lugar o tao?

   ______________________________________________

3. Kung tunay na minamahal ni "Dandansoy" ang umawit, ano ang gagawin niya?

   ______________________________________________

4. Anong kulturang materyal ang awitin?

   ______________________________________________

5. Kung ikaw si "Dandansoy", tutularan mo ba siya? Bakit?

   ______________________________________________



# Pagyamanin

Panuto: Hanapin sa Hanay B ang kaukulang kahulugan sa mga kulturang materyal na nasa Hanay A. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang bago ang bilang.

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| __ 1. Bugtong | a. May hatid na aral o katotohanang magagamit nating gabay sa ating buhay. |
| __ 2. Pabula | b. Matalinhagang paglalarawan ng mga bagay na ang panguhaning layunin ay hamunin o patalasin ang ating isipan. |

__ 3. Alamat — c. Gumagamit ng mga hayop bilang tauhan sa kuwento at naglalahad ng mahahalagang aral at katotohanan.

__ 4. Kuwentong – bayan — d. Nagpapaliwanag sa atin ng maaaring pinagmulan ng mga lugar, hayop, halaman, o bagay.

__5. Salawikain — e. Salaysay hinggil sa mga likhang – isip na mga tauhan na kumakatawan sa mga uri mamamayan, katulad ng matandang hari, isang marunong na lalaki, o kaya sa isang hangal na babae.



## Isaisip

Panuto: Sagutan ang mga sumusunod na tanong.

A. Ano – ano ang mga kulturang materyal ng Pilipino? Magbigay ng limang halimbawa.

_______________________________________________

B. Paano nakapagbibigay sa atin ng pambansang pagkakakilanlan ang ating kultura?

_______________________________________________

C. Ano ang kahalagahan ng kulturang materyal? Bakit?

_______________________________________________



## Isagawa

A. Kumpletuhin mo ang mga salawikain. Punan ng titik ang bawat hugis upang mabuo ang sagot.

1. Ubos-ubos ang biyaya, pagkaubos

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| N | | | | | | | | | | | A |

2. Lumilipas ang kagandahan ngunit di ang

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | b | a | | | | |

3. Ang nagugutom pakainin, ang nauuhaw

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | a | | | | | | |

4. Ako ang nagsaing, iba ang

( ) ( ) ( m ) ( ) ( i ) ( )

5. Ang panalo ay sakali, ang pagkatalo ay

[ ] [ ] [ g ] [ ]

B. Hulaan ang tinutukoy sa bawat bugtong. Isulat ang sagot sa kahon.

**Bugtong**

1. Dalawang bolang itim, malayo ang nararating. [ ]
2. Limang puno ng niyog, ang isa'y matayog. [ ]
3. Naligo ang kapitan, hindi nabasa ang tiyan. [ ]
4. Ate mo, Ate ko, ate ng lahat ng tao. [ ]
5. Hindi tao, hindi ibon, bumabalik pag itapon. [ ]



# Tayahin

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang isang pabula ng mga Maranao. Pagkatapos ay sagutan ang mga sumusunod na tanong at bilugan ang titik ng tamang sagot.

***Lalapindigowa-i: Kung Bakit Maliit ang Beywang ng Putakti***
(Pabula ng Maranao batay sa pananaliksik ni Dr. Nagsura Madale)

Si Lalapindigowa-i na isang putakti ay isang masipag na magsasaka. May dalawa siyang asawa, sina Odang, isang hipon at si Orak, isang itlog. Tulad ng ibang Maranao, hindi lamang siya masipag na magsasaka kundi isang tapat na asawa. Nagsusumikap siyang magtrabaho upang mapakain ang dalawa niyang asawa.

Isang araw, nagwika siya sa mga asawa niya na dalhan siya ng pananghalian sa bukid nang sa ganoon ay di masayang ang kanyang oras sa pag-uwi. Nagkasundo at nagpasya ang dalawa niyang asawa na mula noon ay dadalhan siya ng pagkain sa bukid.

Pagkaraan ng maraming araw at buwan ng paghahatid ng pagkain, nagsawa ang mga asawa ni Lalapindigowa-i. Sa daan papuntang bukid, nagalit si Odang at tumangging magdala ng pagkain. Si Orak ay ayaw ding maghatid ng pagkain. Nagalit si Odang at nagsimula itong magdadadamba hanggang sa ito'y mahulog sa kaserola at magkulay pula ang balat. Naawa si Orak kay Odang dahil ito ay naluto kaya't ipinaghele niya ito. Sa di sinasadya, tumama siya sa bunganga ng kaserola at siya'y naluto rin.

Samantala, si Lalapindagowa-i ay ginutom sa kahihintay sa kanyang dalawang asawa. Pagkaraan ng ilang oras ng paghihintay, nagpasya siyang lumakad pauwi. Sa

daan nakita ng gutom na si Lalapindagowa-i ang basag na kaserola at ang mga asawa niyang naluto.

Galit siya sa mga asawang tamad at sa kaparusahang tinanggap ng mga ito. Gutom na gutom na siya kaya hinigpitan niya ang kanyang sinturon. Simula noon, ang beywang ni Lalapindigowa-i ay lumiit dahil batid niyang wala na siyang mga

Mga Tanong:

1. Ano ang ugnayan ni Lalapindagowa-i kina Orak at Orang?
   A. Mga kapatid C. Mga kapitbahay
   B. Mga asawa D. Mga kasamahan sa trabaho
2. Kumusta ang relasyon nina Orak at Orang?
   A. Nagkasundo sila C.Nagkainggitan sila
   B. Nag-aaway palagi D. Nagkalamangan sila
3. Paano naging tapat na asawa si Lalapindagowa-i?
   A. Nagpabaya sa kanyang obligasyon
   B. Nagmadamot sa mga asawa.
   C. May paborito sa dalawang asawa.
   D. Nagsumikap siyang nagtrabaho.
4. Anong katangian ng mga tauhan ang naibigan mo sa pabula?
   A. Maunawain C. Makasarili
   B. Mapagbigay D. Masayahin
5. Paano sa palagay mo mabisang nagampanan ng mga tauhang hayop ang kanilang karakter sa pabula?
   A. Napatunayan na nila na ang mga hayop ay mapagmahal.
   B. Naipapahayag nila ang pagmamahal sa isa't – isa.
   C. Naipapakita nila sa mga mambabasa ang tunay na kakanyahan ng pagiging maunawain at mapagbigay.
   D. Hindi nagging matagumpay ang pagganap ng mga karakter sa pabula.
6. Isa bang magandang halimbawa ang ipinakita na katangian ni Lalapindagowa – i? Bakit?
   A. Hindi. Dahil siya ay makasarili.
   B. Hindi. Dahil hindi magandang tularan ng mga kabataang lalaki ang magkaroon ng dalawang asawa.
   C. Oo. Dahil may dalawang mag – aalaga at magmamahal sa kanya.
   D. Oo. Dahil masaya ang buhay ni Lalapindagowa-i.
7. Anong aspekto ng kulturang Maranao ang itinampok sa pabula?Bakit?
   A. Itimanpok sa pabula ang kulturang aspektong Maranao sa pagkakaroon ng maraming asawa.
   B. Itinampok ang kulturang Maranao sa pagiging mapagmahal sa mga kapwa.
   C.Itinampok ang kulturang Maranao ang kagalingan nila sa paghabi ng kasuotan tulad ng "Malong."
   D.Itinampok ang kulturang Maranao ang kagalingan nila magdesinyo ng mga kagamitan katulad ng banig .

8. Paanong pantay na napagsilbihan ni Lalapindagowa-i ang dalawa niyang asawa?

   A. Hindi niya kayang mapakain ang dalawang asawa.

   B. Kaya niyang mapakain ang dalawang asawa.

   C. Mas lamang ang pagsilbi niya kay Orang.

   D. Mas lamang ang pagsilbi niya kay Orak.

9. Paanong pantay na napagsilbihan nina Orak at Orang ang kanilang asawa si Lalapindagowa-i?

   A. Gusto ni Orak na siya lang ang magdala ng pagkain sa asawa.

   B. Gusto ni Orang na siya lang ang magdala ng pagkain sa asawa.

   C. Nagkasundo sila araw-araw, dalhan ng pagkain ang asawa.

   D. Pareho sina Orak at Orang na ayaw magdala ng pagkain sa asawa.

10. Ano ang masasabi mong kaugalian ng pagkakaroon ng higit sa dalawang asawa ng Mga Maranao? Sang-ayon ka ba o hindi? Bakit?

   A.Oo.Dahil masaya ang may maraming asawa.

   B.Oo.Dahil may maraming mag-aalaga sa akin.

   C.Hindi.Dahil bawal sa bansang Pilipinas.

   D.Hindi.Dahil ayaw ng ating Panginoong Hesus.



## Karagdagang Gawain

Panuto: Pumili ng isang katutubong awit, kuwento, o tula na iyong nabasa. Isulat kung anong katangian ng mga Pilipino ang ipinakikita nito.

Ang napili ko po ay isang (awit, kuwento, tula) na may pamagat na ______________________________. Ito ay tungkol sa ________________________________________________________________________ _______________________________________. Ipinakikita nito na ang mga Pilipino ay _____________________________________________________________ ________________________________________________________________________ ________________________________________________________________________.



# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

**A.**
a. Mali
b. wala
c. wala
d. tama
e. mali
f. tama
g. wala
h. tama
i. tama
j. mali

**B.**
1. d
2. a
3. e
4. c
5. b

**Balikan**
1. pagmamano
2. pista
3. paghaharana
4. pamamanhikan
5. simbang gabi

**Suriin**
1. Malungkot, dahil malumanay ang tono o dahil parang malungkot ang umaawit.
2. Tao
3. (maaaring iba – iba ang sagot)
4. Katutubong – awitin
5. (maaaring iba – iba ang sagot)

**Pagyamanin**
1. B 2. C 3. D 4. E 5. A

**Isaisip**
a. salawikain, alamat, kuwentong – bayan, bugtong, pabula
b. Nasasalamin sa ating kultura ang magandang gawi, asal, mga tradisyon, sining, at panitikan.
c. (maaaring iba – iba ang sagot)

**Isagawa**

**A.**
1. nakatunganga
2. kabaitan
3. painumin
4. kumain
5. lagi

**B.**
1. mata
2. daliri
3. Bangka/barko
4. atis
5. yoyo

TAYAHIN:
1. B.
2. A.
3. D.
4. A
5. C
6. B
7. A
8. B
9. C
10. D

## *Sanggunian*


- Kagawaran ng Edukasyon, *Edukasyon sa pagpapakatao 4*, BatayangAklat, 181 - 193



**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat: JEANE A. MABAYO**
Teacher II, Napolan Elementary School
District 9, Division of Pagadian City
**Editors/QA: JUANITO N. CANTILA JR., EdD**
OIC – PSDS, District 14
**Tagasuri:**
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:**
**Tagapamahala:**
**DANNY B. CORDOVA, EdD, CESO VI**
OIC Schools Division Superintendent
**MARIA COLLEEN L. EMORICHA, EdD, CESE**
OIC-Assistant Schools Division Superintendent
**MARIA DIOSA Z. PERALTA**
CID, CHIEF
**MA. MADELENE P. MITUDA, EdD**
EPS-LRMDS
**JOVITA S. DUGENIA**
EPS-EsP

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see A
poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear A
nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.